IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume II, Issue 11 November 2022, eISSN: 2799-0664

# Pag-Unawang Pag-Aaral Ng Mga Mag-Aaral Sa Theatro Bilang Isang Estratehiya Sa Filpino I Ng Biliran Province State University

**BELTRAM C. SABONSOLIN AT JOHN CAVIN M. SABONSOLIN**
Biliran Province State University

*Abstrak* — Ang pag-aaral na ito ay naglalayong maipamalas at maiparating sa mga mag-aaral ang kahalgahan ng treatro. Bilang paraan sa pagsasalin ng karunungan, ideya at kaalaman.
Batay sa mga datos na nakalap, ang kalahok ay mula sa dalawang seksyon ng BSHRTM I ng pamantasang ito (Biliran Province State University / BiPSU) gamit ang wikang Filipino sinagot ng mga mag-aaral ang mga katanungan (16.89 bahagdan) ay may gustong panoorin ang trahedya. Halos parehas lamang ang gusto at hindi gusting panoorin na may (50 bahagdan) bawat isa.
Kapansin-pansin naman ang kawilihan ng mga mag-aaral na gusting panoorin ang sayawit/broadway na umabot sa (90 bahagdan). Malaki rin ang bilang ng mga kalahok na gutong panoorin ang dula na umaabot sa (80 bahagdan).
Samantala nakakalungkot isipin na dalawa lamang o (2.00 bahagdan) sa mga kalahok ang nakasali sa mga pagtatanghal sa entablado. Nakakabigo ring isipin na 52 o (52 bahagdan) sa buong kalahok ang may ideya tungkol sa teatro pero kailanman ay hindi nila ito napanood.

***Mga susing salita – theatro, Filipino 1, estratehiya, pagtatanghal, bahagdan***

## I. Introduksyon

### Sanlingan ng Pag-aaral

Ang pagtuturo ng asignaturang Filipino sa lahat ng antas ay mahirap dahil ang mga mag-aaral ay hindi nila nauunawaan lalo na sa kung ang ginagamit na estratehiyang paraan ay lekture lamang.

Ang mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino ay limitadong gumagamit ng makabulohang estratehiya na makapag papasigla sa kanilang klase, ang nangyayari ay puro na lamang sa pakupya ng guro ang paksa sa pisara. Ang buong kataohan, saloobin, panlahat na kaalaman, at estelo ng pagtuturo ay maaring maging sanhi ng pagkakaroon ng pakawala ng interest ng gma mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino. Ang kinalabasan ng paksang tinalakay ay talagang pagbabasa na wala naming kabuhay-buhay at kaalaman kung ano ng aba ang kanilang binasa.

Layunin ng mga guro linangin ang kakayahan ng mag-aaral sa pagkatuto ng leksiyon sa anumang paksang tinatalakay. Hangarin ng mananaliksik na mapaunlad ang pagtuturo ng asignaturang Filipino, upang higit itong ipag-bunyi, maging magaan at mapabilis ang pag-tuturo ng mga guro sa asignaturang Filipino.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 11 November 2022, eISSN: 2799-0664

Lalong higit na kawili-wili at magiging epektibo ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa aralin ng asignaturang Filipino kung may baryedad o ibat-ibang pamamaraaan o Gawain na gagamitin ng guro sa kanyang pag-tuturo. Ang isang guro sa Filipino ay dapat maging mapamaraan o resourceful, malikahain upang maibahagi niya ito sa kapwa guro at lalo pa't sa kanyang mag-aaral.

Ano ng aba ang angkop na estratehiya na dapat gamitin ng guro marahil ay alamin ng isang guro ang uri ng estratehiyang gagamitin niya, kong ito'y tumutugon o hindi sa mga pangangailangan ng kanyang mag-aaral. Ngunit paano rin makapipili ang isang guro ng mga estratehiyang angkop sa pagtuturo ng asignaturang Filipino kung hindi man lamang nila naranasan dumalo sa mga uri ng mga seminar na may gayong paksa!

Upang maging epiktibo at matagumpay ang pagtuturo ng isang guro, hangad at ninanais ng mananaliksik na matamasa at matututo ang lahat ng kanyang mag-aaral sa larangan ng pagkakagamit ng bagong paraan ng pag-tuturo at pagkatoto. Sa ganon pa man naging karanasan na ang mananaliksik na mismo sa sariling klase niya nagaganap ang kawala ng interest sa pakikinig ng tanong at sagot bilang estratehiyang ginagamit sa talakayang ito ang kanyang na obserbahan o namamasdan sa kanyang mga mag-aaral. Ang paulit-ulit na problemang nagaganap sa kaseng pinatuturuan niya ang siyang nag-uudyok na hanapin ang sampling at makabuluhang estratehiya sa pagtuturo na makakatulong sa lahat ng mga mag-aaral upang maging magaan at kawil-wili na mapaunlad ang akademik na perpormans.

Sa masinsinang pagmamasid ng guro sa kung anong nagaganap sa klase, ang mananaliksik ay gumagawa ng paraan sa pagpapakilala ng angkop na pamamaraan o estratehiya sa pagtuturo na kung tawagin ay teatro. Dito nagiging kawili-wili ang pagtuturo at pagkatuto, ng mga mag-aaral sa pagsasalita o pag-arte na siyang nagdudulot ng pag-unlad ng local na industriya na naging pamantasan sa loob at labas ng bansa.

Tiniyak ng mananaliksik sa apg-aaral na ito na gumamit ng teatro bilang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino kung ito'y makaka-angat sa pag-unlad ng akadimikong perpormans ng mga mag-aaral.

**Layunin ng Pag-aaral**

Nilalayon ng pag-aaral na ito ang epektibong pagtuturo at paggamit ng teatro bilang isang estratehiya sa Filipino I ng mga mag-aaral sa kursong BSHRTM ng Naval State University.

Ang mga sumusunod ay nagsisilbing gabay sa pag-aaral na ito:

1. Matukoy ang katayuan ng mga kalahok na mag-aaral sa pag-aaral na ito ayon sa mga sumusunod:

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

1.1 Kurso at seksyon;

1.2 Wikang ginagamit sa pang-araw-araw na komonikasyon;

1.3 Pagtatanghal sa teatro na gusting panoorin

1.4 Wikang gusting gamitin sa pagtatanghal;

1.5 Karanasan o kaalaman sa teatro; at

1.6 Pinagkunang impormasyon tungkol sa teatro

2. Matukoy ang mga antas na kaalaman ng mga kalahok hingil sa teatro.
3. Matukoy ang anyong kaalaman ng gma kalahok hingil sa ibat-ibang uri ng pagtatanghal teatro.

**Hypotesis**

Ho1: Walang makahulugang kaibahan ng katayuan ng ga kalahok at antas na kaalaman ng mga kalahok hingil sa teatro.

Ho2: Walang makahulugang kaibahan ng katayuan ng mga kalahok at anyong kaalaman ng kalahok hingil sa ibat-ibang uri ng pagtatanghal sa teatrol

Ho3: Walang makabuluhang kaibahan sa antas na kaalaman at anyong kaalaman ng mga kalahok hingil sa teatro.

**Balangkas sa Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay batay sa mga kinuhang konsepto na binuo ng mga kilalang sikolohista at mga awtoridad.

*Balangkas Konseptuwal*. Ang pag-aaral na ito ay paraan ng eksperimental upang malaman at matanto sa pag-tataya ng bias o epekto ng pagkakagamit ng teatro bilang estratehiyang pagtuturo ng Filipino sa BSHRTM I, sa mga mag-aaral ng Naval State University, Naval, Biliran.


Upang lubos na maunawaan ang ibig ipakita at tuklasin sa pag-aaral na ito, matutunghayan ang konseptuwal na balangakas ng pagsusuring Gawain. Inilalahad sa tayahin o figure I ang konseptong balangakas ng pag-aaral ay naglalarawan ng makapag-iisang baryabos at di-makapag iisang baryabaos ang siyang nagsisilbing batayan para maisakatuparan ang pag-aaral na ito.

Sa makapag-iisang baryabol sa unang kahon ay ang personal na katayuan ng mga guro ng teatro kaugnay ng gulang, katayuang sibil, pinakamataas na kursong natapos, karanasan sa

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

pagtuturo, dinaluhang siminar at ang natatanging pagpapayaman ng sining sa teatro na kaugnay ang mga salitang ginagamit ay Ingles, Tagalog, Kastila, Waray at Cebuano.

Sa di-makapag iisang baryabols sa ikalawang kahon ay ang mga panunuri na inilalahad sa isang akdang pang-teatro na kaugnay ng nakapanood, di-nakapanood, may ideya at walang ideya.




**Talalarawan I. Balangkas Konseptwal sa Pag-aaral**

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

## II. Methodolohiya

### Disenyo ng Pag-aaral

Sa paglikom ng datos ang paraan ginagamit ng mananaliksik ay ang paraang pagtupad upang matuklasan ang antas ng kaalaman sa "TEARO" ng mga mag-aaral sa kursong BSHRTM I ng Naval State University.

### Pinagkunang Lugar ng Pag-aaral

Ang pinagkunang lugar ng pag-aaral ng mananaliksik ay ang Naval State University na siyang sentro ng pag-aaral.

### Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral ng BSHRTM I sa asignaturang Filipino sa taong panturuan 2011 – 2012 unang semester

**Talahayanayan 1**

**Mga Kalahok sa Pag-aaral**

| Mga Seksyon sa Kursong BSHRTM | Kabuuang Bilang ng mga Kalahok | Bilang ng mga kalahok na Kumuha ng Pasulita |
|---|---|---|
| **A** | **50** | **50** |
| **B** | **50** | **50** |
| **Kabuuan** | **100** | **100** |

### Kagamitang Teknik sa Pag-aaral

Ang kagamitang ginagamit sa pag-aaral na ito ay ang ginawang katanungan ng guro o katanungan. Ito'y binubuo ng tatlo (3)kategoryang temang pag-aaralan: katayuang kaalaman ng kalahok; antas ng kaalaman ng mga mag-aaral; anyong kaalaman ng mga kalahok sa ibat-ibang pagtatanghal sa teatro.

Ang unang bahagi ay katayuan kaalaman ng kalahok ay kurso at seksyon; wikang ginagamit sa pang araw-araw na komunikasyon, pagtatanghal sa teatro na gustong panoorin, wikang gustong gamitin sa pagtatanghal, karanasang kaalamn sa teatro at pinagkunang impormasyon tungkol sa teatro.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 11 November 2022, eISSN: 2799-0664

Pangalawang bahagi ay ang antas kaalaman ng mga kalahok hingil sa teatro at ang huling kategorya at ang anyong kaalaman ng mga kalahok hingil sa ibat-ibang uri ng pagtatanghal.

**Paraan ng Paglikom ng Datos**

Bago sinimulan ang pagmumodmod ng talatanungan ng tagapagsaliksik ay humingi muna ng pahintulot sa pamamagitan ng pormal na liham para sa pansangay na dekana ng College of Technology.

Personal na pinaabot ng Tagapagsaliksik ang sulat at saka napahintulutan kaya inumpisahan niya ang pagbibigay ng pasulit. Hinayaang sagutan ang mga aytem ng gma kalahok sa mga mag-aaral at pagkatapos ay kenolekta ng mga ito at ipinasuri sa isang istatistisyan para sa pag-aanalisa at pagpapakahulugan ng mga datos.

**Pagsusuri ng Datos**

Upang magamit ang bahagdan ng katayuan ng pagsusuri simple percentage scale at coefficient of correlation ang ginamit sa pagsukat ng hypothesis.

## III. Resulta at Diskusyon

**Katayuang Kaalaman ng mga Kalahok Hingil sa Teatro**

Ang mga katayuang kaalaman ng mag-aaral sa Filipino I ay ang mga sumusunod: kurso at seksyon, wikang ginagamit sa pang araw-araw na komonikasyon, pagtatanghal sa teatro na gustong panoorin, wikang gustong gamitin sa pagtatanghal, karanasan o kaalaman sa teatro at pinagkunang impormasyon tungkol sa teatro.

*Kurso at seksyon* . Makikita sa talahanayan I na mayroong tag-limampus ang bawat isang seksyon ng BSHRTM I – A at B na may kaukulang 50 bahagdan.

*Wikang ginagamit sa pang araw-araw na komonikasyon*. Makikita sa talahanayan I wikang ginagamit sa pang araw-araw ng komonikasyon ng mga kalahok na mayroong animnapu’t apat (64) o 64 bahagdan ang Cebuano, habanga mayroong tatlumpurt apat na kalahok o 34 bahadang waray samantalang mayroong dalawa ang lingwahing tagalog na ginagamit ng mga kalahok sa kanilang araw2x na pakikipag komonikasyon.

*Pagtatanghal sa teatro ng gustong panoorin*. Makikita sa talahanayan I ang gusto panuurin ng mga kalahok sa pagtatanghal ng teatro. Tatlumpu’t isa o 31 bahagdan ang dula habang ang komedya ay mayroong dalawamput-walo o 28 bahagdan, samantala ang sayawit/broadway ay nakuha ng labing walo or 18 na bahagdan. Makikita din sa talahanayan I ang pantoina na mayroong labing dalawa o 12 bahagdan samantala ang trahedyang teatro at mayroong labing isa o 11 bahagdan ang pag-sasagawa ng pananaliksik.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

*Wikang gustong gamitin sa pagtatanghal*. Makikita sa talahanayan I ang bilang ng mga kalahok na gustong gamitin na lingwahi sa pagtatanghal. Ingles ang nangunguna na mayroong apatnapu't pito o 47 bahagdan ng mga kalahok na gustong gamitin nila sa pagtanghal, habang mayroong tatlumpu't tatlo o 33 bahagdan ang lingwahing tagalog, mayroon ding siyam o 9 na bahagdan ang lingwahing Cebuano na gustong gamitin ng mga kalahok sa pagtatanghal. Samantala ang lingwahing waray ay mayroong pito o 7 bahagadan habang ang lingwahing kastila ay mayroong apat o 4 na bahagdan ang gustong wika gamitin ng mga kalahok sa pagtatanghal.

*Karanasan o kaalaman sa teatro*. Ipinapakita sa talahanayan I ang karanasan o kaalaman ng mga kalahok sa teatro. Limampu't dalawa o 52 bahagdan ang mayroong idiya pero hindi nakapanood ng teatro. Habang tatlumpu't isa o 31 bahagdan ang walang alam hingil sa teatro. Samantala labinlima o 15 bahagdan ang nasasabing nakapanood na sila ng teatro habang dalawa o 2 bahagdan naman ang nagsasabi na nakasali sila sa teatro.

*Pinagkunang impormasyon tungkol sa teatro*. Ipinapakita din sa talahanayan I ang pinagkunang impormasyon ng mga kalahok hingil sa teatro. Limampu o 50 bahagdan nasa

Sa kabubuan, ang pag-aaral na ito ay naglalayon siyasatin ang tunay na antas ng karunungan ng mga mag-aaral tungkol sa teatro at ang kaugnayang itis a wikang Filipino ng mga mag-aaral ng BSHRTM ng Naval State University.

Gamit ang talatanungan isang daang (100) mag-aaral ang sumagot sa mga katanungan tungkol sa kanilang pag-iintindi sa teatro na may kinalaman at karanasan sa pag-aaral.

Batay sa pananaliksik ang katayuang kaalaman ng mga kalahok hingil sa teatro ay nagsasabing ang lahat ng kalahok ay mula sa BAHRTM I – A at B na ang wikang ginagamit sa pang araw-araw ng komunikasyon ay cebuano, waray at tagalog . kapunapuna rin ang bilang ng mga sumagot kung anong pagtatanghal ang gusto nilang panuurin dula (31 bahagdan), komedya (28 bahagdan), sayawit / broadway (18 bahagdan), pantomina (12 bahagdan) at trahedya (11 bahagdan). Ipinapakita rin ang wikang gusting gamiting ng mga kalahok sa pagtatanghal sa teatro na may kaukulang resulta Ingles (47 bahagdan), tagalog (33) bahagdan), cebuano (9 bahagdan), waray (7 bahagdan) at kastila (4 bahagdan). Nagpapakita din ng kaukulang resulta ang talahanayan I sa kabanata 3 sa mga karanasan at kaalaman ng mga kalahok hingil sa teatro, ang mga nakasali s aknila ay dalawa (2 bahagdan) lamang, labing lima (15 bahagdan) ang nakapanood ng teatro, samantalang limangpu't dalawa (52 bahagdan) ang nagsasabing mayroong ideya pero hindi pa nakapanood ng pagtatanghal sa teatro habang tatlumpu't isa (31 bahagdan) ang walang alam sa teatro. Ipinapakita dina ang pinagkunang batayan o impormasyon ng mga kalahok hingil sa teatro 50 bahagdan ang nagsasabing sa youtube/internet sila kumuha ng batayang impormasyon sa teatro, habang labing tatlo naman sa mga kalahok ang nagsasabing sa dyaryo / magazine nila nakuha ang kaalamang teatro. Samantalang tigsasampu naman ang nagsasabing sa telibisyon at guro/paaralan nila nakuha ang batayang aklat nila nakuha ang kanbilang kaalaman hingil sa teatro at talo ang nagsasabing sa kaibigan nalaman ang teatrong karunungan.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Ipinapakita din sa pag-aaral na ito ang antas na kaalaman ng mag-aaral o kalahok hingil sa teatro at nasasaad na apatnapu't isa (41) ang kaukulang mean ang nakapanood ng teatro, tatlumpu punto anim (30.6) ang kaukulang mean ang nagsasabing walang alam hingil sa teatrong pagtatanghal, habang dalawampu't isa punto wala (21.8) ang kaukulang mean na nagsasabing naksali sila sa isang pagtatanghal sa teatro.

Ipinapakita rin sa pag-aaral na ito ang kaalaman ng mga kalahok sa ibat-ibang pagtatanghal sa teatro na nagsasabing apatnapu (40) ang may idiya hingil sa dulang pagtatanghal sa teatro, dalawampu't apat punto anim, (24.6) ang may idiya hingil sa sayawit/broadway na pagtatanghal sa teatro, samantalang dalawangpu punto walo (20.8) ang nagsasabing mayroong idiyta hinbgil sa trahedyang pagtatanghal sa teatro habang walo punto anim (8.6) ang sumagot ng pantomena at lima punto isa (5.1) ang sumagot ng mayroon silang idiya hingil sa komendyang pagtatanghal sa teatro. Na may kabuuang mean ay isang daang (100).

Nagsasaad din ang hypotheses tungkol sa personal na katayuan ng mga mag-aaral ayon sa kanilang nalalaman at ang walang alam tungkol sa teatro pagtatanghal.

## IV. Konklusyon

Batay sa mga pangunahing tuklas sa pag-aaral na ito. Ang mga sumusunod ay ang mga konklusyon:

May 2.00 bahagdan lamang ay nakasali sa teatro at may habang 15 bahagdan ang nakapanuod ng teatro, samantala pinakamarami ang may ideya tungkol sa teatro pero hindi nakapanood kailanman; Dahil na rin sa makabagong teknolohiya pinakamarami ang nakapanood ang teatro sa pamamagitan ng youtube o internet kung saan mayroon itong 52.08 bahagdan; Sa mga nagsasabing nalaman nila ang teatro sa pamamagitan ng dyaryo o magazine na mayroong 13.54 bahagdan ito'y posibling sanhi ng kamahalan ng dyaryo o magazine bagay na dapat isantabi ng mg aguro sa kanilang pagpili ng istratehiya sa pagtuturo sa asignaturang Filipino, Sa sayawit at dula kapansin-pansin na mas marami ang sutong panoorin ang teatro gamit ang salitang Ingles na may kaukulang 24.59 bahagdan. Pinakamarami na gusting mapanood ang trahedya gamit ang salitang Kastila; Samantala maliit na bahagdan ang nakuha ng wikang Intsik na mayroong 1.6 bahagdan na gusting panoorin ang komedya sa lingwahing ito.

## V. Mga Tagubilin

Batay sa mga pangunahing kinalabasan ng pananaliksik na ito, ang mga sumusunod ay itinagubilin.

1. Panatilihin ang paggamit ng teatro sa pagtuturo ng literature.

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved

Volume II, Issue 11 November 2022, eISSN: 2799-0664

2. Dapat ring bigyan ng mga guro ang kahalagahan ng paggamit ng istratehiyang pagtuturo.
3. Dapat ituro sa mga mag-aaral ang sining ng teatro upang mapalago ito sa larangan ng industriya ng pag-arte.
4. Upang mapaunlad at malinang ang pagiging malikhain ng mga mag-aaral sa Filipino particular s alarangan ng literature, parating gamitin ang istratehiyang teatro.

Paunlarin at panatilihin na itanghal ang teatro sa mga local n apook, nararapat na gamitin ang sariling wika.ross

## PINAGKUNANG LITERATURA

[1] NOVAK, ELAINE A, et. al. "Staging Musical Theater" F and W Publication Cincinnate, Ohio, 1996.
[2] Joaquin, Nick "Ang Larawan" Mga Istoryang, National Publishing, Manila Philippines, 1978.
[3] Aquino, Francisca R., "Philippine Folk Dances", Folk Dances, National Publication, 1973.
[4] Acopra, Jiofree A., et. al. Modyul 3 Mutya Publishing House, Manila Philippines, 2003
[5] Cooper, J.M., "Methodolohiya sa Pagtuturo ng Wika", Mga Teorya, Simulain at Stratolohiya, Granwater Publication and Research Publication, Makati, Philippines, 1999.
[6] Panganiban, Consuelo T., "Teatro at Dulaan", Talahulugang Ingles – Filipino, National Printing Company, Manila Philippines, 1992.
[7] Papa, Nenita R., "Ang Panunuri: Pampanitikan at PAmpelikula", National Book Store, Mandaluyong City, Philippines, 1992.
[8] Chekhov, Antann, "Tiyo Vanya", Musical Play, Teatro Productions Vinice, 1976.
[9] Betti, Ugo, :Ang Reyna at ang Rebelde", National Printing Company, Manila, 1982
[10] Catacataca, Belves at Villafuerte. "Masaklaw na Filipino Aklat para sa Filipino sa Antas Tersyarya", Rex Book Store Manila, 1990

Copyright © 2022 IJAMS, All right reserved